# Bagong pag-asikaso kaugnay sa period of validity ng Certificate of Eligibility

Hunyo 22, 2022
出入国在留管理庁
Immigration Services Agency of Japan

## Patakaran sa pag-asikaso

- Bilang konsiderasyon sa mga dayuhang nasyonal na naantala ang pagpunta sa Japan dahil sa epekto ng pandemya ng COVID-19, ang Immigration Services Agency of Japan ay nagpatupad ng mga espesyal na hakbang upang pahabain ang period of validity ng Certificate of Eligibility (“Certificate” mula rito) na kinakailangan para sa clearance sa imigrasyon (sumangguni sa “Nakaraang pag-asikaso” sa ibaba
- Dahil sa kasalukuyang sitwasyon kung saan naaapektuhan pa rin ng pagkalat ng COVID-19 ang mga proseso ng clearance ng imigrasyon, ang Agency ay magpapatupad ng mga hakbang upang muling pahabain ang period of validity ng Certificate (sumangguni sa “Bagong pag-asikaso” sa ibaba). Ang Certificate of Eligibility na inisyu simula Agosto 1, 2022 ang magkakaroon ng bias nang 3 buwan.

*Ang Certificate ay isang dokumento upang patunayan na sapat na natutugunan ang mga kondisyon upang makapasok sa bansa noong panahon ng pag-isyu nito. Ang labis na pagpapahaba ng period of validity ng nasabing dokumento ay maaaring makadagdag sa posibilidad ng pagbabago sa sitwasyon sa pagitan ng panahon ng pagpasok sa bansa at sa panahon ng pag-isyu ng Certificate. Samakatuwid, ang period of validity ng Certificate ay hindi na maaaring pahabain nang higit sa bawat panahong nakasaad sa ibaba. Gayunpaman, para sa mga aplikasyon para sa mga Certificate mula Hulyo 31, 2022 at bago ng petsang itinakda ng Immigration Services Agency of Japan na walang pagbabago mula sa nakaraang aplikasyon, isang bagong Certificate ang madaliang iisyu, bilang panuntunan, sa pagsumite ng aplikante ng (1) dating inisyu na Certificate (orihinal o kopya) at (2) pahayag na dahilang ginawa ng tumatanggap na organisasyon, atbp. I click po ditto (Hapon, Ingles) para sa mga detalye.

| Nakaraang pag-asikaso | Bagong pag-asikaso |
|---|---|
| [1] Naaangkop na mga status of residence<br>Lahat ng status of residence kung saan maaaring mag-isyu ng Certificate of Eligibility | [1] Naaangkop na mga status of residence<br>Lahat ng status of residence kung saan maaaring mag-isyu ng Certificate of Eligibility |
| [2] Naaangkop na mga rehiyon<br>Lahat ng mga bansa at rehiyon | [2] Naaangkop na mga rehiyon<br>Lahat ng mga bansa at rehiyon |
| [3] Naaangkop na mga Certificate of Eligibility<br>**Mga inisyu noong o pagkatapos ng Enero 1, 2020** | [3] Naaangkop na mga Certificate of Eligibility<br>**Mga inisyu noong o pagkalipas ng Enero 1, 2020** |
| [4] Panahon na ituturing bilang may bisa<br>• Mga Certificate of Eligibility na inisyu mula Enero 1, 2020 hanggang Enero 1,2022<br>→ **Hanggang Hulyo 31, 2022**<br>• Mga Certificate of Eligibility na inisyu mula Pebrero 1, 2022 hanggang Hulyo 31<br>→ **May bisa sa loob ng「 6 na buwan」mula sa petsa ng pag-isyu** | [4] Panahon na ituturing bilang may bisa<br>• **Mga Certificate of Eligibility na inisyu mula Enero 1, 2020 hanggang Abril 30, 2022**<br>→ **Hanggang Oktubre 31, 2022**<br>• **Mga Certificate of Eligibility na inisyu mula Pebrero 1, 2022 hanggang Hulyo 31, 2022**<br>→ **May bisa sa loob ng「6 na buwan」mula sa petsa ng pag-isyu** |
| [5] Mga kondisyon upang turiing may bisa<br>Kapag nagsumite ng dokumento na nakasaad na ang tumatanggap na organisasyon, atbp.<br>“ay posible na patuloy tanggapin ang dayuhang nasyonal na may parehong aktibidad tulad noong panahon na nag-aplay para sa Certificate of Eligibility” sa panahon ng pag-aplay para sa visa sa misyong diplomatiko.<br>Halimbawa ng format <Para sa mga status of residence sa Lakip na Talahanayan 1 (hal., Engineer/Specialist in humanities/International services, Student, atbp.)<br>Halimbawa ng format <Para sa mga status of residence sa Lakip na Talahanayan 2 (hal., Spouse or child of Japanese national, Long-term resident, etc.)<br>*Mangyaring muling isumite ang dokumento sa itaas kung 3 buwan ang lumipas mula sa pag-aplay para sa visa. | [5] Mga kondisyon upang turiing may bisa<br>Kapag nagsumite ng dokumento na nakasaad na ang tumatanggap na organisasyon, atbp.<br>“ay posible na patuloy tanggapin ang dayuhang nasyonal na may parehong aktibidad tulad noong panahon na nag-aplay para sa Certificate of Eligibility” sa panahon ng pag-aplay para sa visa sa misyong diplomatiko.<br>Halimbawa ng format <Para sa mga status of residence sa Lakip na Talahanayan 1 (hal., Engineer/Specialist in humanities/International services, Student, atbp.)<br>Halimbawa ng format <Para sa mga status of residence sa Lakip na Talahanayan 2 (hal., Spouse or child of Japanese national, Long-term resident, etc.)<br>*Mangyaring muling isumite ang dokumento sa itaas kung 3 buwan ang lumipas mula sa pag-aplay para sa visa. |